

DOST-II nagbigay parangal sa mga natatanging imbensyon sa rehiyon

Ni Angelica Marie Paz, DOST-STII
Larawan ni Henry A. De Leon, DOST-STII

Binigyang parangal ng Department of Science and Technology-Region II (DOST-II) at ng DOST-Technology Assistance and Promotion Institute (DOST-TAPI) ang mga natatanging imbensyon at research na nagwagi sa nakaraang Regional Invention Contest and Exhibits (RICE) na ginanap noong ika-28 hanggang ika-29 ng Agosto 2019 sa Robinson's Place, Tuguegarao City, Cagayan.

Pangunahing tungkulin ng DOST-TAPI na palawakin ang pang-unawa ng mga tao ukol sa iba't ibang teknolohiya sa bansa at ang pag-commercialize ng mga research technology na tinutulongan ng ahensya. Isa rin sa mga inisyatibo nila ang RICE na bahagi ng pagdiriwang ng Regional Science and Technology Week o RSTW.

Isang pambansang aktibidad ang RICE na ginaganap sa iba't ibang rehiyon upang kilalanin ang mga inventors, researchers, at mga estudyante na may natatanging galing sa paglikha ng imbensyon para sa ika-uunlad ng S&T (science and technology).

Isinasaad sa Republic Act 7459 o ang Inventors and Invention Incentive Act of the Philippines ang mandato ng RICE na tulungan

sundan sa pahina 2

Mga Nilalaman

Sec. de la Peña binigyang importansya ang mahalagang papel ng DOST para tugunan ang iba't-ibang problemang-panlipunan	p3
"Kakaibang sorbetes na gawa sa pako (fern) pinarangalan sa 2019 RICE	p4
LarawaNews.....	p4

Kalihim ng DOST, nanawagan ng pagtutulungan at pagkakaisa para sa pagtupad ng SDGs

Ni Rosemarie C. Señora, DOST-STII



Si DOST Usec. Guevara habang naghahayag ng keynote message sa ngalan ni DOST Secretary Fortunato T. de la Peña noong ika-13 PNHR Week na ginanap sa Limketkai Luxe Hotel sa Cagayan de Oro City. (Larawan ni Jwynne Gwyneth Macan ng DOST-PCHRD)

Hinimok ni Department of Science and Technology (DOST) Secretary Fortunato T. de la Peña sa katatapos lang ng ika-13 Philippine National Health Research System (PNHR) Week ang mga mananaliksik at mga miyembro ng akademya, pribadong institusyon, at ng gobyerno na mamuhunan sa pakikipagtulungan at pagkakaisa para sa pag-abot ng pandaigdigang adhikain o mas kilala sa tawag na sustainable development goals (SDGs) na itinakda ng United Nations (UN).

Alinsunod sa temang "Achieving Health-Related Sustainable Development Goals through Research and Innovation", idiniin ni Sec. de la Peña na bagaman layunin ng PNHR at mga miyembro ng konsortia na talakayin ang mga kailangang harapin agad na mga alalahanin sa kalusugan, napapanahon ring pag-usapan kung paano makapag-aambag sa pagtupad ng SDGs sa pamamagitan ng pagtutulungan at pagkakaisa.

Sa mensahe ng kalihim na inihatid ni DOST Undersecretary for Research and Development Rowena Cristina L. Guevara, sinabi ni Sec. de la Peña na "The importance of partnerships in achieving the SDG targets behooves on us to always keep an open mind, to be ready to accommodate new ideas from people or sectors which are not in our traditional circles while recognizing that we too can contribute to other sectors."

Ipinaliwanag din ni Sec. de la Peña na susi ang mahalagang gampanin ng regional consortia sa pagsiguro ng pagkakapantay-pantay sa pananaliksik at pag-unlad at pagsiguro na lahat ng resulta ng pananaliksik ay magagamit.

Noong ika-13 hanggang ika-16 ng Agosto 2019 sa Limketkai Luxe Hotel sa Cagayan de Oro City ay idinaos ang ika-13 PNHR Week na tumalakay sa iba't ibang mga paksa sa kalusugan, paggawa ng mga polisiya, at pagpapalaganap ng mga pag-aaral ukol sa kalusugan. (Impormasyon mula kay Jwynne Gwyneth Macan ng DOST-PCHRD)



Kasama nina DOST-II Regional Dir. Maborrang (kanan), DOST-TAPI Dir. Garcia (ikalawa mula sa kaliwa), at ni Filipino Inventor Francisco Pagayon (kaliwa) ang mga nagwagi ng Outstanding Creative Research mula sa Isabela State University-Echague Campus na sina (mula kaliwa): Conrad B. Reyes, Cesar B. Mangadap, at Joel M. Alcaraz.

ang mga Pilipinong imbentor upang mapalawig ang kanilang talento at mapabuti ang kanilang imbensyon. Ito ay sa pamamagitan ng pangangalakal at pagbibigay pondo sa kanila.

Ipinaliwanag naman ni DOST-TAPI Director Edgar I. Garcia ang kahalagahan ng mga imbensyon at pananaliksik upang umunlad ang bansa. "Sa pamamagitan ng RICE ay ipinagdiriwang natin ang kakayahan ng mga Pilipino sa larangan ng S&T, lalo na ang mga kabataan," sabi ni Dir. Garcia.

Nagbigay rin ng mensahe ang Regional Director ng Region II na si Engr. Sancho A. Maborrang. "Hindi lingid sa kaalaman ng publiko na ang pananaliksik at pag-unlad o research and development ay isa sa mga pangunahing gawain ng DOST at ito ay lalong mapapalakas sa pamamagitan ng pagsulong sa mga appropriate and high impact science, technology, innovation (STI) activities kagaya ng RICE," ibinahagi ni Engr. Maborrang.

Naroon din sa kaganapan si Hon. Joseph L. Lara, konsehal ng ikatlong distrito ng Cagayan, kung saan binigyang diin niya ang kahalagahan ng RICE sa pagpapalaganap ng S&T sa bansa. "Patuloy natin na hinihikayat ang ating mga scientist na hindi lamang gumagawa, pero mag-promote din. Kailangan natin kumuha ng inspirasyon sa ating pinagmulan. Kaagapay ninyo ang gobyerno ng Cagayan sa pagbibigay suporta basta't ito ay makatutulong sa nakararami," hikayat ni Hon. Lara.

Bilang gantimpala, ang mga nagwagi ay kwalipikado bilang kalahok sa National Invention Contest and Exhibits na gaganapin sa susunod na taon. Sila rin ay nakatanggap ng sertipiko at cash prize na nagkakahalaga ng PhP 25,000 para sa unang premyo, PhP 10,000 sa ikalawa, at PhP 5,000 naman para sa ikatlong premyo.


Narito ang kumpletong listahan ng mga nagwagi noong nakaraang na RICE sa Region II:

Outstanding Utility Model

- Regional winner: Biomass Rotary Seiver nina Joel M. Alcaraz at Paul B. Pablo mula sa Isabela State University-Echague Campus, San Fabian, Echague, Isabela;
- 1st Runner-Up: Ready-to-Eat Chevon Curry nina Fredisminda M. Dolojan at Isabel F. Salvador mula sa Quirino State University, Diffun Quirino, at
- 2nd Runner-Up: Cane Type Magnetic Sand Collector Maker ni Joel M. Alcaraz mula sa Isabela State University.

Outstanding Industrial Design

- Regional Winner: Apparatus for Chipping, Shredding and Decorticating nina Joel M. Alcaraz at Cesar B. Mangadap mula sa Isabela State University-Echague Campus, San Fabian, Echague, Isabela;
- 1st Runner-Up: Cassava Chipper with Tumbler nina Joel M. Alcaraz at Conrad B. Reyes mula sa Isabela State University-



Ang RADICA ay ang nagwagi sa Sibol Award for High School. Ito ay proyekto ng mga mag-aaral mula sa Lanna National High School, Malamag Tumauini, Isabela.

Echague Campus, San Fabian, Echague, Isabela; at

- 2nd Runner-Up: Apparatus for Dog Bathing Grooming and Transporting nina Romeo G. Seguban, Charles Joseph Ceazar M. Seguban, Armand Francis Ruma, Carina L. Vidania, Lalaine M. Nerona, at Ma. Jessica M. Bacquel mula sa Isabela State University- Cauayan Campus

Outstanding Creative Research (Likha Award)

- Regional Winner: Biomass Briquetting Machine nina Joel M. Alcaraz, Cesar B. Mangadap, at Conrad B. Reyes mula sa Isabela State University-Echague Campus, San Fabian, Echague, Isabela;
- 1st Runner-Up: Multi-Grain Milling/Grinding Machine nina Cesar B. Mangadap at Conrad B. Reyes mula sa Isabela State University-Echague Campus, San Fabian, Echague, Isabela; at
- 2nd Runner-Up: Ivatan Beer from Sweet Potato ni Leobert Banzali mula sa Batanes State College, San Antonio, Basco, Batanes.

Outstanding Student Creative Research (Sibol Award) for High School

- Regional Winner: RADICA, a Multi-Functional intelligence Robot Using Raspberry Pi Microprocessor and Voice Command nina Joshua D. Gallas, Katrina L. Sia, at Janica M. Andaya mula sa Lanna National High School, Malamag Tumauini, Isabela;
- 1st Runner-Up: Automated Acidity, Moisture and Active Land Component Monitoring System for Quality Control, Cropping and Maintaining Arable Land ni Lin Andre Jan T. Vitin kasama ang kanyang adviser na si Enrique M. Garcia mula sa Cagayan National High School, Tuguegarao City, Cagayan; at
- 2nd Runner-Up: SIKLAB, a Portable Self-Energizing Generator with Voltage Monitoring System nina Clarence Angelo P. Bagay, Guiller Dartin L. Canapi, Jovan C. Dela Cruz, Ivan Benedict G. Pagaddu, at Ma. Bethany Menionette M. Balanon mula sa Tuguegarao City Science High School, Tuguegarao City, Cagayan.

Outstanding Student Creative Research for College Students

- Regional Winner: Service Check-Out System for Groceries nina Christian C. Balagtas, Ronica G. Buraga, at Jhosa Mae P. Martin mula sa University of Saint Louis, Tuguegarao City, Cagayan;
- 1st Runner-Up: E-Maize-ing: An electronic Maize Trading nina Anthony A. Lazo, Janet R. Lara, at Ertie Abana mula sa University of Saint Louis, Tuguegarao City, Cagayan; at
- 2nd Runner-Up: Design, Construction and Testing of Portable Power Bank nina Jay Lord C. Lara, Alfredo S. Tolentino, Noemi S. Dingan, at Ertie Abana mula sa University of Saint Louis, Tuguegarao City, Cagayan.

Sec. de la Peña binigyang importansya ang mahalagang papel ng DOST para tugunan ang iba't-ibang suliraning panlipunan

Ni Marshall Louie M. Asis, *DOST-STII*



Ibinihagi ni DOST Sec. de la Peña ang iba't ibang programa ng ahensya na makatutulong upang makamit ang sustainable development goals na itinalaga ng United Nations. *(Kuha ni Henry A. De Leon, DOST-STII)*

TACLOBAN CITY – Sa ginanap na selebrasyon ng 2019 Regional Science and Technology Week (RSTW) sa Rehiyon VII, itinampok ni Department of Science and Technology (DOST) Secretary Fortunato T. de la Peña ang mahalagang papel ng siyensya at teknolohiya (S&T) upang mabigyan ng solusyon ang mga suliranin ng bansa.

Nagtungo sa Tacloban City sina Sec. de la Peña kasama ang iba pang matataas na opisyal ng DOST para tunghayan ang pagbubukas ng 2019 RSTW na ginanap sa Robinsons Place Marasbaras noong ika-10 ng Agosto.

Bago niya talakayin ang papel ng S&T sa paglutus sa suliranin ng iba't ibang sektor ng lipunan, ipinahayag ng hepe ng DOST ang proklamasyon ni Pangulong Rodrigo Duterte na nagbabago ng petsa ng taunang selebrasyon ng National Science and Technology Week (NSTW) mula ikatlong linggo ng Hulyo para gawin tuwing ika-apat na linggo ng Nobyembre.

Ang Proclamation 780 na nilagdaan ng Pangulo noong ika-2 ng Agosto ay inilabas ayon sa hiling at rekomendasyon ng DOST sapagkat karamihan sa mga kolehiyo at unibersidad sa bansa ay nakabakasyon kapag

Hulyo, sabi ni Sec. de la Peña.

Sa pagbabago kamakailan sa kalendaryo ng mga paaralang nagpatupad ng klase mula Agosto hanggang Mayo, ang pag-iba ng schedule ng NSTW ay inaasahang makahihikayat sa mga estudyante na makilahok sa taunang kaganapan.

Ang NSTW at ang katumbas nito sa rehiyon (ang mga RSTW) ay mainam na pagkakataon para maipakita ng DOST ang R&D (research and development), paglipat ng teknolohiya, programang pang-produksyon sa iba't ibang grupo, at kontribusyon sa human resources development activities sa nakalipas na taon, dagdag pa niya.

Mahalagang usapin ang paghahanda sa sakuna sa ngayon, kung kaya't ang exhibits sa NSTW at RSTW ay itinampok ang mga teknolohiyang mayroon ang ahensya para tugunan ito.

Binigyang diin ni Sec. de la Peña na ang 11-point agenda ng DOST ay umaayon sa 0-10 point socio-economic agenda ni Pangulong Duterte. Sinabi rin niya na sa sampung agenda, apat sa mga iyon ay makatutulong ang DOST para gawing competitive ang Pilipinas na siyang hangarin ng Pangulo.

Sa pamamagitan ng competitiveness, malaki ang maaaring maging kontribusyon ng DOST gaya ng pagtulong sa maliit na negosyante, sektor ng agrikultura, at human resource development. Ang competitiveness ay depende sa kalidad ng human resources, sabi pa ng kalihim. Kaya ng DOST na mapabuti ang kalagayan ng mga nasa probinsya. Kapag natulungan, aniya ang mga maliit na negosyante, makabubuo ng mga ugnayan na maaaring pagtibayin.

Sabi pa ng kalihim ng DOST, tinukoy ni Pangulong Duterte ang pagsulong ng S&T sa larangan ng creative arts o malikhaing sining para pahasayin ang kakayahan sa pag-unlad ng lahat. Unang beses lang aniya narinig ang pahayag na nag-uugnay ng siyensya at teknolohiya at malikhaing sining, at malaking hamon hanggang ngayon kung paano ipatutupad ang proyektong pagsasamahin ang dalawa. Hinihikayat ni Sec. de la Peña na magsumite ng mga panukalang proyekto na pinagsasama ang siyensya at teknolohiya at malikhaing sining.

RODOLFO P. DE GUZMAN
Editor-in-Chief

JASMIN JOYCE P. SEVILLA
Managing Editor

JAMES B. INTIA
Layout Artist

ROSEMARIE C. SEÑORA
Proofreader

ALLAN MAURO V. MARFAL
Circulation

Ang Balitang Rapidost ay buwanang lathalain ng Institusyon ng Impormasyon sa Agham at Teknolohiya (STII) para sa Kagawaran ng Agham at Teknolohiya (DOST).

Para sa inyong mga tanong at suhestiyon, maaari po kayong mag email sa balitangrapidost@gmail.com

o tumawag sa DOST trunkline
(02)837-2071 to 82 loc. 2148.

Kakaibang sorbetes na gawa sa pako (fern) pinarangalan sa 2019 RICE

Ni David Matthew C. Gopilan, *DOST-STII*

Sa katapos na Regional Invention Contest and Exhibits (RICE) sa Rehiyon VIII noong ika-9 hanggang ika-11 ng Agosto 2019 sa Robinsons Place, Tacloban City, Leyte, pinarangalan si Nelissa A. Sudaria ng pinakamataas na parangal na Outstanding Utility Model (UM) sa kanyang imbensyong, “Process of Producing Edible Fern (*Diplazium esculentum*) Ice Cream” o sorbetes na gawa sa pako o fern. Kinilala ang imbensyon ni Sudaria mula sa 17 produkto na inilohok sa buong rehiyon ng Eastern Visayas.

Si Sudaria ay nag-uwi ng Php 25, 000 at sertipiko ng pagkilala mula sa Department of Science and Technology-Technology Application and Promotion Institute (DOST-TAPI) at DOST-VIII, ang mga nag-organisa ng RICE. Si Sudaria ay kasalukuyang isang guro sa Northwest Samar State University.

“We have abundant supply of edible ferns which I believe can be utilized and developed into a product with high market potential in both local and international markets,” ayon kay Sudaria.

Makikinabang ang mga maliliit na sorbetero mula sa nagwaging UM dahil sa kakayahang nitong magbukas ng mga



Mga nagwagi sa RICE mula sa Region VIII na ginanap noong ika-9 hanggang ika-11 ng Agosto 2019 sa Robinsons Place, Tacloban City, Leyte. (Larawan mula sa DOST-TAPI)

bagong trabaho habang pinupunan nito ang lumalaking pangangailangan sa mga produktong gawang-lokal.

Ang Outstanding UM ay ginagawad sa mga katangi-tanging modelo ng proseso, kasangkapan o anumang bagay na may kinalaman sa industriya na may praktikal na gamit dahil sa disenyo o paggawa nito.

Samantala, kinikilala ng RICE ang kahusayan at ambag ng mga Pilipinong

imbentor sa pag-unlad ng ekonomiya ng bansa. Bilang isang patimpalak na ginagawa sa bawat rehiyon, ang RICE ay nagsisilbing qualifying round o panimulang baitang para sa mas malaking patimpalak na National Invention Contest and Exhibits.

Ang pagwawagi ni Sudaria bilang Outstanding UM sa Rehiyon VIII ay magdadala sa kanya sa NICE sa 2020. (Impormasyon mula kay Pierre Sonia S. Dela Corte, DOST-TAPI)

LarawaNEWS



na ang pag-deliver ng mga produktong in-order ng mga customer sa OneStore.ph. Ang MOU signing sa pagitan ng DOST, AAI Logistics Cargo Express Inc., at PayMaya Philippines Inc. ay ginanap noong ika-26 ng Agosto 2019 sa Hotel Roma, Tuguegarao City kasabay ng selebrasyon ng Regional Science and Technology Week sa rehiyon. (Teksto ni Jasmin Joyce P. Sevilla at larawan ni Henry A. De Leon, DOST-STII | Impormasyon mula kay Angelica Marie Paz, DOST-STII)

Pinirmahan nina Department of Science and Technology (DOST) Secretary Fortunato T. de la Peña (ikalawa mula sa kanan), DOST-II Regional Director Engr. Sancho Maborang (kanan), AAI Logistics Cargo Account Manager Reiza D. Lizano (kaliwa), at Account Executive John Karlo Manzano (ikalawa mula sa kaliwa) ang Memorandum of Understanding (MOU) upang gawing opisyal ang pagtutulongan ng DOST at Black Arrow Express. Ang Black Arrow Express ay nasa ilalim ng AAI Logistics Cargo Express Inc. na isang logistical solutions provider sa bansa. Sa tulong ng Black Arrow Express, layon ng DOST na mas paigtingin ang online marketing at shipping services ng OneStore.ph—isang web-based platform ng DOST na tumutulong sa mga micro, small, and medium enterprises (MSMEs) na mapalago ang kanilang negosyo. Ang mga produktong binebenta sa OneStore.ph ay gawa ng mga MSMEs na tinutulongan ng Small Enterprise Technology Upgrading Program—proyekto ng DOST na nagbibigay ng tulong pinansyal at teknikal sa mga MSMEs. Gamit ang logistic services ng Black Arrow Express, mas mapapadali